



OCT 07 2009

KAUTUSANG PANGKAGAWARAN

No. **104**, s. 2009

GABAY SA ORTOGRAPIYA NG WIKANG FILIPINO

Sa mga: Direktor ng Kawanihan
Direktor ng Rehiyon
Tagapamanihala ng mga Paaralan
Pinuno/Puno ng mga Pribadong Paaralan

1. Ang Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) ay nagsagawa ng reporma sa alpabeto at tuntunin sa pagbaybay. Tinawag itong Gabay sa Ortograpiya ng Wikang Filipino. Ang gabay na ito ang ipatutupad simula sa petsang nilagdaan ito. Ang implementasyon ng 2001 Revisyon ng Alfabeto at Patnubay sa Ispeling ng Wikang Filipino ay pansamantalang ipinatigil noong 2006 at iminungkahing ang 1987 Alpabeto at Patnubay sa Ispeling ng Wikang Filipino ang gamiting sanggunian sa pagtuturo at sa korespondensiya opisyal sa bisa ng Kautusang Pangkagawaran Blg. 42, s. 2006.

2. Upang maiwasan ang kani-kaniyang interpretasyon sa paggamit ng kalakip na gabay, hinihiling ang pagdalo ng mga kinauukulan sa isasagawang seminar kaugnay ng paggamit nito. Ang seminar para sa pagtatamo ng kaalaman at kasanayan sa paggamit ng gabay ay itatakda sa magkakahiwalay na petsa at lugar.

3. Anumang tuntunin sa 1987 at 2001 na hindi binago sa 2009 Gabay ay mananatiling ipatutupad. Tuluyan nang isinasantabi ang 2001 Revisyon ng Alfabeto at 1987 Alpabeto.

4. Para sa iba pang detalye sa Gabay, maaari kayong tumawag sa:

Komisyon sa Wikang Filipino
Sangay ng Lingguwistika
Telepono Blg.: (02) 736-2525, local 107

5. Hinihiling ang daglian at malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.

JESLI A. LAPUS
Kalihim

Kalakip: Gaya ng nasasaad

Sanggunian: Kautusang Pangkagawaran: (Blg. 42, s. 2006)

Pamumudmod: 1—(D.O. 50-97)

Ilalagay sa Palagiang Talatuntunan sa ilalim ng mga sumusunod na paksa:

CHANGE
LANGUAGE
Learning Area, FILIPINO

RULES & REGULATIONS
SOCIETY or ASSOCIATIONS

GABAY SA ORTOGRAPIYA NG WIKANG FILIPINO

Panimula

Ang gabay sa ortograpiya ng wikang Filipino ay binubuo ng mga kalakaran kung paano sumusulat ang mga Pilipino sa kanilang wikang pambansa. Inilalahad sa ortograpiyang ito ang estandardisadong mga grapema (o pasulat na mga simbolo) at mga tuntunin sa paggamit at pagbigkas ng mga simbolong ito.

1. Mga Grapema

Ang mga grapema sa praktikal na ortograpiya ng wikang Filipino ay binubuo ng:

A. Letra. Ang serye ng mga letra ay tinatawag na alpabeto. Ang alpabeto ay binubuo ng dalawampu't walong (28) letra at binibigkas sa tunog-Ingles maliban sa ñ.

Aa “ey”	Bb “bi”	Cc “si”	Dd “di”	Ee “i”	Ff “ef”
Gg “ji”	Hh “eych”	Ii “ay”	Jj “jey”	Kk “key”	Ll “el”
Mm “em”	Nn “en”	Ññ “enye”	Ngng “enji”	Oo “ow”	Pp “pi”
Qq “kyu”	Rr “ar”	Ss “es”	Tt “ti”	Uu “yu”	Vv “vi”
Ww “dobolyu”	Xx “eks”	Yy “way”	Zz “zi”		

B. Hindi letra. Maaaring buuin ito ng:

1. paiwa (`), at pakupya (^) na sumisimbolo sa impit na tunog (?).
2. tuldik na pahilis (^) na sumisimbolo sa diin at/o haba.
3. bantas, gaya ng tuldok (.), pananong (?), padamdang (!), kuwit (,) tuldok-kuwit (;), tutuldok (:), kudlit (‘), at gitling (-).

11. MGA TUNTUNING PANLAHAT SA PAGBAYBAY

A. Pasalitang Pagbaybay

Paleta ang pasalitang pagbaybay sa Filipino na ang ibig sabihin ay isa-isang pagbigkas sa maayos na pagkakasunod-sunod ng mga letrang bumubuo sa isang salita, pantig, daglat, akronim, inisyal, simbolong pang-agham, atb.

	PASULAT	PABIGKAS
Salita	boto	/bi-ow-ti-ow/
	plano	/pi-el-ey-en-ow/
	Fajardo	/kapital ef-ey-jey-ey-ar-di-ow/
	vinta	/vi-ay-en-ti-ey/
	jihad	/jey-ay-eych-ey-di/
Pantig	it	/ay-ti/
	kon	/key-ow-en/
	trans	/ti-ar-ey-en-es/
	pa	/pi-ey/
	tsart	/ti-es-ey-ar-ti/

Akronim

- MERALCO (Manila Electric Company) /em-i-ar-ey-el-si-ow/
- PASATAF (Pambansang Samahan ng mga Tagamasid at Tagapagtaguyod ng Filipino) /pi-ey-es-ey-ti-ey-ef/
- ARMM (Autonomous Region of Muslim Mindanao) /ey-ar-em-em/
- ASEAN (Association of Southeast Asian Nations) /ey-es-i-ey-en/

Daglat	Bb. (Binibini)	/kapital bi-bi/
	G. (Ginoo)	/kapital ji/
	Gng. (Ginang)	/kapital ji-en-ji/
	Kgg. (Kagalang-galang)	/kapital key-ji-ji/
	Dr. (Doktor)	/kapital di-ar/

Inisyal ng Tao

- MLQ (Manuel L. Quezon) /em-el-kyu/
- CPR (Carlos P. Romulo) /si-pi-ar/
- JVP (Jose Villa Panganiban) /jey-vi-pi/
- LKS (Lope K. Santos) /el-key-es/
- AGA (Alejandro G. Abadilla)

Inisyal ng Samahan/Institusyon

- KWF (Komisyon sa Wikang Filipino) /key-dobolyu-ef/
- PSLF (Pambansang Samahan sa Lingguwistikang Filipino) /pi-es-el-ef/
- KBP (Kapisanan ng mga Brodkaster sa Pilipinas) /key-bi-pi/
- PLM (Pamantasan ng Lungsod ng Maynila) /pi-el-em/
- MSU (Mindanao State University) /em-es-yu/
- NGO (Non-Governmental Organization) /en-ji-ow/

Simbolong Pang-agham/Pangmatematika

Fe (iron)	/ef-i/
H ₂ O (water)	/eych-tu-ow/
NaCl (sodium)	/en-ey-si-el/
lb. (pound)	/el-bi/
kg. (kilogram)	/key-ji/
v (velocity)	/vi/

B. Pasulat na Pagbaybay

b.1 Panatilihin ang orihinal na anyo ng mga salitang mula sa ibang katutubong wika sa Pilipinas.

“**vakul**” (Ivatan) panakip sa ulo na yari sa palmera na ginagamit bilang pananggalang sa ulan at init ng araw.

“**payyo/payew**” (Ifugaw) pangkalahatang tawag sa palayan ng mga Ifugaw.

“**bananu**” (Hudhud) sa halip na hagdan-hagdang palayan (rice terraces)

“**tnalak o t'nalák** (T'boli) habing yari sa abaka ng mga T'boli

“**butanding**” (Bicol) sa halip na “whale shark”

“**cabalen**” (Pampango) kababayan

“**hádja**” babaeng Muslim na nakarating na sa Mecca.

b.2 Sa pagbaybay ng mga hiram na salita mula sa mga banyagang wika, panatilihin ang orihinal nitong anyo.

“status quo”	“pizza pie”
“bouquet”	“sheik”
“samurai”	“french fries”

b.3 Sa pagbaybay ng mga salitaang mula sa Español, baybayin ito ayon sa ABAKADA.

“familia”	-	pamilya
“baño”	-	banyo
“cheque”	-	tseke
“maquina”	-	makina

b.4 Sa pag-uulit ng salitang-ugat na nagtatapos sa patinig na “e” hindi ito pinapalitan ng letrang “i”. Kinakabitan ng pang-ugnay/linker (-ng) at ginagamitan ng gitling sa pagitan ng salitang-ugat.

bérde	-	berdeng-berde
kapé	-	kapeng-kape
karné	-	karneng-karne
libre	-	libreng-libre
suwerte	-	suwerteng-suwerte

b.5 Sa pag-uulit ng salitang-ugat na nagtatapos sa patinig na “o” hindi ito pinapalitan ng letrang “u”. Ginagamitan ng gitling sa pagitan ng salitang-ugat.

ano	-	ano-ano
sino	-	sino-sino
pito	-	pito-pito
halo	-	halo-halo (magkakasama ang iba’t ibang bagay)
buto	-	buto-buto
piso	-	piso-piso

* May mga salitang nabubuo sa pag-uulit ng salitang-ugat na hindi ginagamitan ng gitling. Ang hindi paggamit ng gitling ay nagpa-

pahiwatig na hindi na taglay ng salitang-ugat ang kahulugan nito, sa halip, nagkakaroon na ng bagong kahulugan ang nabuong salita tulad ng:

haluhalo (pagkain)
salusalo (piging/handaan)

Hindi kasama ang paruparo at gamugamo dahil walang salitang-ugat na paro at gamo at hindi makatatayong mag-isa.

b.6 Kapag hinuhulapian ang huling pantig ng salitang-ugat na nagtatapos sa “e”, ito ay nagiging “i” at ang “o” ay “u”.

kórte	-	kortihán
atake	-	atakihin
salbahe	-	salbahíhin
bálot	-	balútin
hintô	-	hintuán

* Gayunman, may mga salitang nananatili ang “e” kahit hinuhulapian.

sine	-	sinehan
bote	-	botehan
onse	-	onsehan
base	-	basehan

b.7 Makabuluhan ang tunog na “e” at “o” kapag inihahambing ang mga hiram na salita sa mga katutubo o hiram na salita.

mésa	-	mísa
úso	-	óso
téla	-	tíla

b.8 Gayunman, hindi puwedeng palitan ng “i” ang “e” at “o” sa “u”. Dapat pa ring gamitin ang baybay na matagal na o lagi nang ginagamit.

babáe, hindi babái
búhos, hindi búhus
sampû, hindi sampô

111. ANG PANTIG AT PALAPANTIGAN

1. Ang Pantig

Ang pantig ay isang saltik ng dila o walang antalang bugso ng tinig sa pagbigkas ng salita. May isa (1) lamang patinig sa bawat pantig.

Halimbawa:

oras	-	o.ras
ulo	-	u.lo
ilaw	-	i.law
asin	-	a.sin
alam	-	a.lam

2. Kayarian ng Pantig

Tinutukoy ang pantig ayon sa kayarian nito sa pamamagitan nang paggamit ng simbolo: **K** para sa katinig, **P** para sa patinig.

Kayarian	Halimbawa
P	<u>i</u> .log
KP	<u>bu</u> .nga
PK	<u>us</u> .bong
KPK	<u>bul</u> .sa

3. Pagpapantig

Ang pagpapantig ay paraan ng paghahati ng salita. Ito ay ibinabatay sa grapema o nakasulat na simbolo.

3.1 Kapag may magkasunod na dalawa o higit pang patinig sa posisyong inisyal, midyal at pinal ng salita, ito ay hiwalay na mga pantig.

Halimbawa:

Salita	Mga Pantig
aakyat	a.ak.yat
aalis	a.a.lis
alaala	a.la.a.la
uuwi	u.u.wi
totoo	to.to.o

- 3.2 Kapag may magkasunod na katinig sa loob ng isang salita, katutubo man o hiram, ang una ay kasama sa patinig na sinusundan at ang pangalawa ay sa kasunod na patinig.

Halimbawa:

<u>Salita</u>	<u>Pantig</u>
aklat	ak.lat
bunso	bun.so
impok	im.pok
isda	is.da
usbong	us.bong

- 3.3 Kapag may tatlo o higit pang magkakaibang katinig na magkakasunod sa loob ng isang salita, ang unang dalawa ay kasama sa patinig na sinusundan at ang huli ay sa kasunod na patinig.

Halimbawa:

<u>Salita</u>	<u>Pantig</u>
eksperto	eks.per.to
transpormer	trans.por.mer
ekskomunikado	eks.ko.mu.ni.ka.do
transportasyon	trans.por.ta.si.yon

- 3.4 Kapag ang una sa tatlong magkakasunod na katinig ay **m o n** at ang kasunod na dalawa ay alinman sa bl, br, dr, pl, tr, ang unang katinig (m o n) ay sa sinusundang patinig kasama at ang huling dalawa ay sa kasunod na patinig.

Halimbawa:

<u>Salita</u>	<u>Pantig</u>
asambleya	a.sam.ble.ya
alambre	a.lam.bre
balandra	ba.lan.dra
empleyado	em.ple.ya.do
kontrol	kon.trol
templo	tem.plo

- 3.5 Kapag may apat na magkakasunod na katinig sa loob ng isang salita, ang unang dalawang katinig ay kasama sa patinig na sinusundan at ang huling dalawa ay sa patinig na kasunod.

Halimbawa:

<u>Salita</u>	<u>Pantig</u>
ekstra	eks.tra
eksklusibo	eks.klu.si.bo
ekstradisyon	eks.tra.di.syon

4. Ang Pag-uulit ng Pantig

Ang mga tuntunin sa pag-uulit ng pantig ay ang sumusunod:

- 4.1 Kung ang unang tunog ng salitang-ugat o batayang salita ay patinig, ang patinig lamang ang inuulit.

Halimbawa:

<u>a</u> lis	<u>a</u> . <u>a</u> .lis
<u>i</u> wan	<u>i</u> . <u>i</u> .wan
<u>u</u> lan	<u>u</u> . <u>u</u> .lan
<u>a</u> lamin	<u>a</u> . <u>a</u> .la.min
<u>o</u> rasan	<u>o</u> . <u>o</u> .ra.san

Sinusunod din ang tuntuning ito kahit may unlapi ang salita.

Halimbawa:

ma <u>i</u> wan	ma. <u>i</u> . <u>i</u> .wan
um <u>i</u> nom	u. <u>m</u> . <u>i</u> . <u>i</u> .nom
mag- <u>a</u> giw	mag. <u>a</u> . <u>a</u> .giw
mag- <u>a</u> ral	mag. <u>a</u> . <u>a</u> .ral
um <u>a</u> mbon	u. <u>m</u> . <u>a</u> . <u>a</u> .bon

- 4.2 Kung ang unang pantig ng salitang-ugat ay nagsisimula sa KP, ang katinig at kasunod na patinig lamang ang inuulit.

Halimbawa:

<u>ba</u> .ha	<u>ba</u> . <u>ba</u> .ha	mag. <u>ba</u> . <u>ba</u> .ha
<u>pu</u> .lot	<u>pu</u> . <u>pu</u> .lot	nag. <u>pu</u> . <u>pu</u> .lot
<u>su</u> .lat	<u>su</u> . <u>su</u> .lat	mag. <u>su</u> . <u>su</u> .lat
<u>pu</u> .tol	<u>pu</u> . <u>pu</u> .tol	mag. <u>pu</u> . <u>pu</u> .tol
<u>la</u> .kad	<u>la</u> . <u>la</u> .kad	ni. <u>la</u> . <u>la</u> .kad

- 4.3 Kung ang unang pantig ng salitang-ugat ay may kambal katinig o klaster, inuulit lamang ang unang katinig at patinig

Halimbawa:

<u>pl</u> an.tsa	pa. <u>pl</u> an.tsa.hin	mag.pa. <u>pl</u> an.tsa
<u>pr</u> i.to	pi. <u>pr</u> i.tu.hin	mag.pi. <u>pr</u> i.to
<u>ku</u> .wen.to	ku. <u>ku</u> .wen.tu.han	mag.ku. <u>ku</u> .wen.to

IV. ANG PANGHIHIRAM

Ang mga tuntunin sa panghihiram at pagbabaybay ng mga hiram na salita ay ang sumusunod:

1. Tumbasan ng kasalukuyang leksikon sa Filipino ang mga salitang hiram o banyaga.

“rule”	=	tuntunin
“narrative”	=	salaysay
“skill”	=	kasanayan
“banquet”	=	salusalo
“tranquil”	=	panatag,tahimik, tiwasay, payapa

2. Gamitin ang natatanging mga salita mula sa mga katutubong wika sa Pilipinas.

“bana” (Hiligaynon at Sugbuanong Binisaya) tawag sa asawang Lalaki
“butanding” (Bicol) whale shark
“imam” (Tausug) Muslim priest
“cañao” (Igorot) panseremonyang sayaw
“banhaw” (Visaya) muling pagkabuhay
“chidwai” (Ivatan) biloy (dimple)
“gahum” (Cebuano,Hiligaynon, Waray) kapangyarihan

3. Mga Salitang Hiram sa Español.

3.1 Baybayin ang salita ayon sa ABAKADA.

“vocabulario”	>	“bokabularyo”
“telefono”	>	“telepono”
“celebracion”	>	“selebrasyon”
“maquina”	>	“makina
“psicologia”	>	“sikolohiya”

3.2 Sa mga salitang hiram sa Español na may “e”, panatilihin ang “e”.

estudyante	-	hindi istudyante
estilo	-	hindi istilo
espíritu	-	hindi ispiritu
estructura	-	hindi istruktura
desgrasya	-	hindi disgrasya
espesyal	-	hindi ispesyal

3.3 Sa mga salitang hiram sa Español na may “o”, panatilihin ang “o”.

politika	-	hindi pulitika
opisina	-	hindi upisina
tradisyonal	-	hindi tradisyunal
koryente	-	hindi kuryente

3.4 Sa mga salitang hiram sa Español na may **o** at sinusundan ng **n** nagbabago ang kasunod na katinig, ang **o** ay nagiging **u** at ang **n** ay nagiging **m** (dahil sa nagkaroon ng asimilasyon).

<u>Kastila</u>	<u>Filipino</u>
convencion	kumbensiyon
conferencia	kumperensiya
convento	kumbento
conforme	kumporme
convulsion	kumbulsiyon

4.. Mga Salitang hiram sa Español at Ingles: Kung hindi tiyak ang pagtutumbas, hiramín ang orihinal na Español at Ingles.

<u>Español</u>	<u>Filipino</u>	<u>Ingles</u>
imagen	imahen	image
dialogo	diyologo	dialogue
prioridad	priyoridad	priority

* Hindi ipinapayong panumbas ang mga sumusunod:

imeyds	-	imahe (para sa image)
dayalog	-	dayalogo (para sa dialogue)
prayoriti	-	prayoridad (para sa priority)

5. Panghihiram sa Wikang Ingles: Kung wikang Ingles at iba pang wikang dayuhan ang pinanghiraan, panatilihin ang orihinal na ispelang kung makalilito ang pagsasa-Filipino ng baybay.

“habeas corpus”	“toupee”
“bouquet”	“spaghetti”
“depot”	“reservoir”

6 .Panatilihin ang orihinal na baybay ng mga salitang pantangi, panteknikal, pang-agham at mga simbolong pang-agham at matematika.

Manuel Quezon	varicose veins
Biñan, Laguna	chemotherapy
Ablaza Bldg.	videotape

Jose Reyes Hospital
Jhonson wax

x-ray
carbon dioxide

Fe (iron)
C (carbon)
ZnO (zinc oxide)
v (velocity)

V. KARAGDAGANG TUNTUNIN

- A. Ginigitlingan ang pangngalang pantangi at salitang hiram kapag inuunlapian.

maka-Diyos
maka-Ingles
pa-Davao

* Sa aspektong kontemplatibo (panghinaharap), inuulit ang unang katinig at patinig (KP) ng salita.

magpa-Pal
magvi-Vios

magfo-Ford
magjo-Johnson

- B. Sa paglalapi at pag-uulit ng mga salitang hiram, idinurugtong ang tunog ng unang KP sa unlapi.

magju-juice
magju-duty

magji-jeep

- C. Sa pag-uulit ng mga salitang may klaster, dalawang paraan ang maaaring gawin:

C.1 Inuulit ang unang KP ng salitang-ugat

plantsa = pa-plan-tsa-hin = magpaplantsa
prito = pi-pri-tu-hin = magpiprito
klase = mag-ka-kla-se = magkaklase

C.2 Inuulit ang tunog ng unang KP

blow-out = magbo-blow-out
drawing = magdo-drawing
gargle = magga-gargle
ph_ocopy = magpo-pho-to-co-py

D. Pangmaramihang anyo ng mga salita sa pasulat

d.1 Ginagamit ang “mga” sa pagsulat ng maramihang anyo ng salita

mga painting
mga opisyal
mga computer

d.2 Hindi ginagamitan ng “mga” ang salitang hiram na nasa anyong maramihan.

paintings - hindi “mga paintings”
opisyales - hindi “mga opisyales”
computers - hindi “mga computers”

d.3 Hindi ginagamitan ng “pamilang” at “mga” ang mga salitang nasa anyong maramihan.

kalalakihan - hindi “mga kalalakihan”
- hindi “limang kalalakihan”

kababaihan - hindi “mga kababaihan”
- hindi “anim na kababaihan”

kaguruan - hindi “mga kaguruan”
- hindi “tatlong kaguruan”

kabataan (youth) - hindi “mga kabataan”
- hindi “sampung kabataan”

d.4 Pagbuo ng pang-uri

d.4.1 Ginagamit ang panlaping makauri sa salitang-ugat na hindi orihinal na pang-uri.

pang-akademya/akademiko - hindi “pang-akademiko”
pangkultural/cultural - hindi “pangkultural”
panlingguwistika/lingguwistik - hindi “panlingguwistik”

E. Mga salitang may Digrapo

e.1 Sa mga salitang Ingles na nagtatapos sa “ct”, ang “ct” ay nagiging “k” kapag binaybay sa Filipino.

abstract - abstrak addict - adik
impact - impak contract - kontrak

F. Mga salitang hiram na nagsisimula sa letrang “s” ay maaaring baybayin sa dalawang paraan.

f.1 panatilihin ang orihinal na anyo

scarf	slogan	spark
script	spa	

f.2 lagyan ng “i” sa unahan kapag binaybay sa Filipino

schedule	-	iskedyul
sport	-	isport
scout	-	iskawt
scholar	-	iskolar

G. Mga salitang may dalawang magkasunod na parehong katinig.

Sa mga salitang may dalawang magkasunod na parehong katinig, kinakaltas ang isang katinig.

bulletin	-	buletin
grammar	-	gramar
pattern	-	patern
transmitter	-	transmitter

H. Ang mga salitang may malakas na diptonggo ay hindi nilalagyan ng mga malapatinig na “w” at “y”.

“a + (e, o)	=	maestro, aorta
“e + (a, o)	=	teatro, teorya
“o + (a, e)	=	loa, poesiya

Ang mahinang diptonggo ay nilalagyan ng mga malapatinig na “w” at “y”.

i + (a, e, o)	=	barberia	-	barberya
	=	Deziembre	-	Disyembre
u + (a, e, i, o)	=	auto	-	awto
	=	zarzuela	-	sarsuwela
	=	buitre	-	buwitre